
4

# Filipino

## Ikatlong Markahan–Modyul 6: Pagbuo ng Angkop na Pamagat at Talata na May Sanhi at Bunga




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 6 – Pagbuo ng Angkop na Pamagat at Talata na May Sanhi at Bunga**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang ano mang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa ano mang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Meagan Alexis A. Almasco

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Ma. Dianne Joy R. dela Fuente

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Reginal EPS – Filipino: Nora J. Laguda
CID Chef: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region V**
Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 6: Pagbuo ng Angkop na Pamagat at Talata na May Sanhi at Bunga

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Magandang araw sa iyo, kaibigan! Kumusta?

Mahilig ka bang magbasa at makinig?

Hindi mo man sabihin ngunit alam kong oo ang sagot mo dahil tunay ngang nakatutulong, nakadadagdag ng kaalaman at nakalilibang ang pagbabasa at pakikinig lalong-lalo na kung iyong isasaisip at isasapuso ang mga mensaheng nais ipabatid ng may-akda sa iyo.

Sa mga tekstong iyong nababasa o napapakinggan, napapansin mo ba ang mga sanhi at bunga sa mga pangyayaring nakapaloob dito? Makakaya mo rin kayang bigyan ito ng ibang pamagat kahit mapakinggan mo lang? Sumulat ng sariling talata na may sanhi at bunga?

Huwag mag-alala. Tutulungan ka ng modyul na ito na makamit ang lahat ng ito.

Sa modyul na ito, inaasahan na:

1. **Nakapagbibigay ka ng angkop na pamagat sa napakinggang teksto;**
2. **Nabibigyan mo ng angkop na pamagat ang talatang binasa; at**
3. **Nakasusulat ka ng talata na may sanhi at bunga.**



Halika, umpisahan mo na!



# *Subukin*

**A. Panuto:** Basahin o ipabasa sa iyong magulang ang talata upang iyong mapakinggang mabuti. Unawain ito nang mabuti. Pagkatapos itong basahin o mapakinggan, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa bawat tanong sa nakalaang patlang.

Ang mga Pilipino ay kilala sa buong mundo dahil sa mabuting pagtanggap sa mga panauhin. Kapag ang pamilya ay may inaasahang panauhin, bawat isa ay abala sa paghahanda upang ipakita ang taos-puso nilang pagtanggap sa bisita. Sinisiguro nila na malinis at maayos

ang kabahayan at ipinagluluto rin ng masasarap na pagkain ang mga panauhin. Tunay ngang ang mga Pilipino ay magiliw sa mga panauhin.

*ni: Meagan Alexis A. Almasco*

Ano ang paksang-diwa ng talata?

______________________________________________

Ano ang maaari mong ibigay na pamagat sa talata?

______________________________________________

**B. Panuto:** Sumulat ng isang maikling talata tungkol sa malinis na kapaligiran. Isulat ito sa nakalaang espasyo sa ibaba. Mula sa binuong talata, salungguhitan ang mga pangungusap na may ugnayang sanhi at bunga. Mag-isip din ng isang angkop na pamagat para sa isinulat mong talata.

___________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________


_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

Gamitin mo ang rubriks sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

| **Elemento** | **Puntos** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *5 (Mahusay)* | *3 (Katamtaman)* | *2 (Katamtaman)* | *1 (magsanay S)* |
| Malinaw at maayos ang ginawang talata. | | | | |
| Nakapagbigay ng sapat na sanhi at bunga | | | | |
| Nakapagbigay ng angkop na pamagat | | | | |
| Ibang puna | | | | |
| **KABUOAN** | | | | |

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Maaaring tingnan sa pahina ng Susi sa Pagwawasto ang ilan sa mga maaaring kasagutan sa ginawang pamagat.



| Aralin 1 | # Pagbuo ng Angkop na Pamagat at Talata na May Sanhi at Bunga |
|---|---|

## *Balikan*

Naalala mo pa ba ang aralin bago ang modyul na ito?

Narito ang isang gawain na susukat kung gaano mo naintindihan at naisapuso ang tuntunin tungkol sa paggamit ng wastong pang-angkop (-ng, -g at na) sa pangungusap at pakikipagtalastasan.

Muli nating subukan ang iyong natutunan. Handa ka na ba? Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang wastong pang-angkop sa nakalaang patlang sa bawat bilang.

1. Araw ng Linggo kaya't wala_____ pasok sa paaralan.
2. Si Lea ay matagumpay_____ mang-aawit.
3. Nais kong maging isang manunulat sa aming pahayagan_____ pampaaralan upang ~~mas~~ lalong mahasa ang aking galing sa pagsulat.
4. Ang angkin_____ galing ng mga Pilipino ay dapat na ipagmalaki sa buong mundo.
5. Ang ating magiting _____ kasaysayan ay dapat na malaman hindi lamang ngayon kundi maging sa mga susunod na henerasyon.

Ayan, malinaw na naaalala mo pa rin ang mga katagang ikinakabit o inilalagay sa pagitan ng dalawang salita kung saan ang isa'y naglalarawan at ang isa nama'y inilalarawan. Ito ay tinatawag na mga **pang-angkop.**

**Mga pang-angkop**:

-ng - ito ay ikinakabit sa nauunang salitang nagtatapos sa patinig sa magkasunod na salitang inilalarawan at naglalarawan

na - ito ay inilalagay sa pagitan ng salitang naglalarawan at inilalarawan na ang nauunang salita ay nagtatapos sa katinig

-g - ito ay ikinakabit sa nauunang salitang nagtatapos sa titik "n"

Halika, gamitin naman natin ang ating natutuhan sa pagbibigay ng angkop na pamagat sa napakinggan o nabasang teksto. Subukang magsulat ng isang talata na may sanhi at bunga tungkol sa pag-iingat sa panahon ng pandemya.

## *Tuklasin*

Basahin o ipabasa sa iyong magulang o kasama sa bahay ang isinulat mong talata.

Maraming Pilipino ang nakilala sa buong mundo dahil sa angking galing sa larangan ng isports, pag-awit, pagsayaw at marami pang iba. Hinahangaan ng mga dayuhan ang sipag, determinasyon at dedikasyon natin kaya nais nilang makarating sa Pilipinas upang matunghayan ang husay at galing ng mga Pilipino. Tunay ngang ang mga Pilipino ay likas na magaling sa iba't ibang larangan.

*ni: Meagan Alexis A. Almasco*

**A. Sagutin Natin**

1. Ano-anong larangan naging kilala ang karamihan sa mga Pilipino sa buong mundo?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Ano-ano ang mga kahanga-hangang katangiang taglay ng maraming Pilipino?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Bakit maraming dayuhan ang nagnanais makarating sa Pilipinas?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Bilang isang mag-aaral, ano-ano ang mga katangiang dapat mong taglayin upang ikaw ay hangaan ng iba?

   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

5. Gusto mo rin bang maging kilala sa buong mundo? Sa anong larangan? Bakit? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________________
   ______________________________________________________

## *Suriin*

Ano ang paksang diwa ng talata?

______________________________________________________

Ganito ba ang iyong sagot?

Ang mga Pilipino ay likas na magaling sa iba't ibang larangan.
Ano ang maaari mong ibigay na pamagat sa talatang binasa?

______________________________________________________

Ang pamagat ng talata ay maaaring: **"Lahing Pilipino: Magaling!"; "Mga Pilipino, Magagaling!"; "Basta Pilipino, Kampeon!"**

Magkatulad ba tayo ng pamagat? Nakatulong ba sa iyo ang paksang diwa ng talata sa pagbibigay ng angkop na pamagat?

Narito ang mga pangungusap na hinango mula sa binasang talata.

1. **Maraming Pilipino ang nakilala sa buong mundo dahil sa angking galing sa larangan ng isports, pag-awit, pagsayaw at marami pang iba.**
   - Alin ang sanhi sa pangungusap?
     *Angking galing sa larangan ng isports, pag-awit, pagsayaw at marami pang iba.*
   - Alin ang bunga sa pangungusap?
     *Maraming Pilipino ang nakilala sa buong mundo*

- Alin ang ginamit na salitang pang-ugnay o hudyat sa pangungusap upang matukoy ang sanhi?
  *dahil (sa)*

2. **Hinahangaan ng mga dayuhan ang sipag, determinasyon at dedikasyon kaya nais nilang makarating sa Pilipinas upang matunghayan ang husay at galing ng mga Pilipino.**
   - Ano ang sanhi sa pangungusap?
     *Hinahangaan ng mga dayuhan ang sipag, determinasyon at dedikasyon...*
   - Ano ang bunga sa pangungusap?
     *kaya nais nilang makarating sa Pilipinas upang matunghayan ang husay at galing ng mga Pilipino.*
   - Ano ang ginamit na salitang pang-ugnay o hudyat sa pangungusap?
     *kaya*

Mahusay! Binabati kita at mahusay mong natukoy ang paksang diwa at nabigyan ng angkop na pamagat ang talata at natukoy ang mga salitang may ugnayang sanhi at bunga sa pangungusap.


**Lagi mong tatandaan...**

Sa **pagbibigay ng pamagat** ng isang talata, alamin mo muna ang **paksang diwa** o **paksang pangungusap**. Ang mga ito ay nagbibigay ng ideya sa pagbuo ng isang angkop na pamagat sa napakinggan o nabasang teksto. Ang paksang diwa ang pinakabuod na ideya o impormasyon o pahayag sa kabuoang nilalaman ng isang talata o ng mga pangyayari sa isang kuwento.

Sa pagsusulat ng pamagat ng isang talata o kuwento, ginagamit ang malaking titik sa mahahalagang salita. Ang unang salita sa pamagat ay sinimulan din ng isang malaking titik.

Ang kasanayan naman sa pagsulat ng talata ay mahalagang matutuhan ng isang mag-aaral na tulad mo upang maibahagi ang saloobin at ideya tungkol sa mga bagay at pangyayari na pinag-uusapan.

Narito ang mga dapat isaalang-alang sa wastong pagsulat ng talata:



Isulat ang pamagat sa gitna sa gawing itaas ng sulatang papel.

Gamitin ang malaking titik sa simula ng bawat pangungusap.

Gamitin ang wastong bantas sa hulihan ng bawat pangungusap.

Maglaan ng puwang o *indention* para sa unang pangungusap ng talata.

Magkaroon ng *margin* sa magkabilang panig ng papel.

Sa pagsulat ng talata na may sanhi at bunga, kinakailangang may sapat na kaalaman tungkol sa paksang isusulat upang mabigyan ito nang maayos at makabuluhang paliwanag.

Lagi ring isaisip ang sumusunod:

- **SANHI** – dahilan o paliwanag sa mga pangyayari
- **BUNGA** – naglalahad ng resulta o kinalabasan
- **HUDYAT O PANG-UGNAY** – nag-uugnay ng dahilan at kinalabasan ng pangyayari
    - kaya – ugnayan mula **sanhi** patungo sa **bunga**
      - *naghuhudyat ng kalalabasan*
    - dahil sa – ugnayan mula **bunga** patungo sa **sanhi**
      - *naghuhudyat ng pinagmulan*

Ikaw naman, subukin mong **bumuo ng isang talata na naglalaman at nagpapakita ng ugnayang sanhi at bunga tungkol sa paghahanda kapag may sakuna.** Isulat ito sa nakalaang espayo sa ibaba.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

Binabati kita dahil naunawaan mo na ang pagbibigay ng angkop na pamagat sa napakinggan at nabasang tekso. Bukod dito, kaya mo na ring tukuyin ang mga pangungusap na naghahayag ng sanhi at bunga. Kasunod nito ang pagsagot sa mga pagsasanay para lalong mahasa ang iyong kasanayan.

## *Pagyamanin*

Ipagpatuloy ang pagsasanay…

**A. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat talata sa ibaba. Sikaping bigyan ng angkop na pamagat ang mga ito. Makakatulong sa iyong pagsagot ang pagtukoy sa pangungusap na nagtataglay ng paksang diwa sa talata. Bilugan ang titik ng napili mong sagot sa sagutang papel.

1. Si Jerred, mag-aaral sa ikaapat na baitang ay kahanga-hanga dahil sa taglay niyang mabuting pag-uugali. Kinagigiliwan siya ng mga tao sa paligid dahil hindi niya nakakalimutang magmano at sabihin ang “po” at “opo” sa pakikipag-usap. Mahal na mahal siya ng kaniyang mga magulang at guro dahil sa kanyang kasipagan. Nag-aaral siya nang mabuti kaya naman ay lagi siyang nangunguna sa klase. Siya rin ay mapagbigay at maalaga kaya’t marami siyang kaibigan.
   a. Jerred: Ang Mabuting Bata
   b. Ang Mag-aaral
   c. Ang Masipag na Bata
   d. Ang Pamilya ni Jerred

2. Maaga akong nagising dahil sa maingay na tahol ng mga aso. Nagdasal ako nang taimtim upang humingi ng gabay sa buong araw. Inayos ko ang aking higaan kaya’t malinis at maayos na ito. Naghanda na ako ng aking almusal dahil tulog pa si Nanay. Pagkatapos maligo at kumain, naglakad na ako papunta sa paaralan. Ako ang pinakaunang dumating sa aming silid kaya kinuha ko ang walis upang maglinis.
   a. Walang Pasok
   b. Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan
   c. Pagliban sa Klase
   d. Ang Aking Paaralan

3. Ang Sampaguita ay kilala bilang pambansang bulaklak nating mga Pilipino. Ito ay napakabango. Puti ang kulay nito na sumisimbulo ng kalinisan at busilak na puso. Ang Sampaguita ay sumisimbulo rin sa simpleng pamumuhay nating mga Pilipino.

a. Ang Sampaguita
b. Ang Puting Bulaklak
c. Ang mga Gamit ng Sampaguita
d. Ang Bulaklak

4. Mahilig mangolekta ng mga basurang puwede pang mapakinabangan si Alice dahil naniniwala siyang maaari itong pagkakitaan. Araw-araw niya itong ginagawa kaya nakakaipon siya ng maraming basura. Tuwing Linggo, siya ay pumupunta sa *junkshop* ni Mang Mark upang ipagbili ang kaniyang mga nakolekta. Tunay ngang may kita sa basura.

a. Maruming Basura
b. Ang *Junkshop*
c. May Kita sa Basura
d. Tuwing Linggo

5. Si Simeon Ola ay isang bayani ng himagsikang Pilipino. Siya ay rebolusyonaryong Bicolano noong panahon ng mga Amerikano. Ipinanganak siya sa Guinobatan, Albay. Siya ang pinakahuling Pilipinong heneral na sumuko sa laban sa hukbong Amerikano.

a. Himagsikang Pilipino
b. Simeon Ola: Ang Huling Heneral
c. Bicolano Ako
d. Rebolusyon

**B. Panuto:** Sumulat ng isang maikling talata na may ugnayang sanhi at bunga tungkol sa tamang pagtatapon ng basura. Bigyan din ito ng isang angkop na pamagat. Isulat ito sa nakalaang espasyo sa iyong sagutang papel.


______________________________

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Gamitin mo ang *rubrics* sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

| **Elemento** | **Puntos** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | *5 (Napakagaling)* | *4 (Magaling na Magaling)* | *3 (Magaling)* | *2 (Katamtaman)* | *1 (Magsanay pa)* |
| Malinaw at maayos ang ginawang talata. | | | | | |
| Nakapagbigay ng sapat na sanhi at bunga | | | | | |
| Nakapagbigay ng angkop na pamagat | | | | | |
| Ibang puna | | | | | |
| **KABUOAN** | | | | | |

Binabati kita. Natapos mo ang mga pagsubok. Alamin sa pahina ng Susi sa Pagwawasto ang tamang sagot
.
Saang antas ka nabibilang?
9-10 tamang sagot - NAPAKAHUSAY
5-8 tamang sagot - MAGALING
1-4 tamang sagot - PAGBUBUTIHIN PA
0 tamang sagot - KAYA MO YAN





## *Isaisip*


Isiping mabuti…

**A. Panuto:** Punan ang sumusunod na talahanayan.

| **Ano ang iyong mga natutuhan?** | **Gaano ito kahalaga?** |
|---|---|
| | |
| | |

**B. Panuto:** Kompletuhin ang sumusunod na pahayag.

Mahalagang matutunan ang pagbibigay ng isang angkop na pamagat at pagsusulat ng talata na may sanhi at bunga dahil ______________________________________________________________________________________________________________________________________________________



## *Isagawa*

Makinig o magbasa ng mga napapanahong isyu sa kasalukuyan tulad ng sanhi at bunga ng pagkakaroon ng bagyo. Isalaysay itong muli sa anyong patalata. Bigyan din ito ng isang angkop na pamagat.

Sa iyong palagay, bakit mahalagang malaman ang mga konsepto tungkol sa bagyo?

Gamitin ang *rubrics* sa ibaba sa pagbuo ng gawain sa iyong sagutang papel.

| **Elemento** | **Puntos** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5 *(Napakagaling)* | 4 *(Magaling na Magaling)* | 3 *(Magaling)* | 2 *(Katamtaman)* | 1 *(Magsanay pa)* |
| Malinaw at maayos ang ginawang talata. | | | | | |
| Nakapagbigay ng sapat na sanhi at bunga | | | | | |
| Nakapagbigay ng angkop na pamagat | | | | | |
| Ibang puna | | | | | |
| **KABUOAN** | | | | | |



# *Tayahin*

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagpapamagat at pagpapahayag ng sanhi at bunga?

**A. Panuto:** Basahin mo ang talata sa ibaba. Bigyan ng isang angkop na pamagat ang bawat talata. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang sa sagutang papel.

1. Ang Narra ang tinaguriang pambansang puno ng Pilipinas. Ito ay natatangi dahil sa angking tibay nito. Ang taas nito ay umaabot sa 33 metro. Ang kahoy nito ay ginagamit sa paggawa ng mga bahay at muwebles. Marami rin ang maaaring paggamitan ng mga dahon at bulaklak nito.

   Ang angkop na pamagat ng talata ay ____________________

2. Ang kapistahan ng *Our Lady of Peñafrancia* ay idinaraos tuwing ikatlong Linggo ng Setyembre sa Lungsod Naga, Camarines Sur sa Bicol. Nagsisimula ang kapistahan sa tinatawag na *Traslacion* o paglilipat ng imahen ng Birhen ng Peñafrancia at ng Divino Rostro mula sa basilika hanggang katedral. Dinarayo rin sa pagdiriwang ang prusisyon sa ilog ng Naga ng mapagmilagrong imahen ng Birhen ng Peñafrancia. Ito ay ginagawa sa bisperas ng kapistahan.

   Ang angkop na pamagat ng talata ay ____________________

3. Ang *Chapel* ng Inorogan na matatagpuan sa Lungsod Iriga, Camarines Sur sa Bicol ay isa sa mga atraksiyon ng lungsod. Bago ito marating ay kinakailangan munang akyatin ang mahigit kumulang na 160 hakbang sa kahabaan ng dalisdis ng Mt. Asog. Sa taas ay matatanaw ang Lawa ng Bato at marami pang iba. Ang *chapel* ay iniaalay kay Nuestra Señora de las Angustias na sinasabing nagligtas sa bayan mula sa pagsabog ng Mt. Asog.

   Ang angkop na pamagat ng talata ay ____________________

4. Ang Tinagba Festival ay isang taunang pagdiriwang sa Lungsod Iriga, Camarines Sur sa Bicol na ginaganap tuwing ika-5 hanggang ika-11 ng Pebrero. Ang *Tinagba* ay nangangahulugang pag-aalay ng unang

ani kaya tinatampok ng mahahabang hanay ng mga karosang de-motor o hinihila ng mga kalabaw ang iba't ibang mga produkto. Matutunghayan din sa pagdiriwang ang kompetisyon sa pagsasayaw sa kalsada at marami pang iba.

Ang angkop na pamagat ng talata ay ______________________


5. Ang *Rafflesia Irigaense* ay isang uri ng *rafflesia* o parasitikong halamang namumulaklak. Ito ay pambihirang bulaklak na tinaguriang pinakamalaking bulaklak sa buong mundo. Ito ay natagpuan sa Bundok Iriga sa Lungsod Iriga, Camarines Sur sa Bicol. Idineklara ng *National Museum* na bago at natatanging uring ito ng *rafflesia.*


   Ang angkop na pamagat ng talata ay ______________________

**B. Panuto:** Sumulat ng isang maikling talata na may ugnayang sanhi at bunga tungkol sa **pagsunod sa magulang**. Bigyan ito ng isang angkop na pamagat. Isulat ito sa nakalaang espasyo sa iyong sagutang papel.

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo ang lahat ng pagsasanay. Iwasto mo ang iyong kasagutan sa pahina 16. Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐





# *Karagdagang Gawain*

Ngayong malawak na ang iyong kaalaman, magsanay pa sa pagpapamagat at pagsusulat ng talata na may sanhi at bunga.

**Panuto:** Sumulat ng isang talatang sanaysay tungkol sa magandang maidudulot ng pag-aaral nang mabuti. Bigyan ito ng isang angkop na pamagat. Tukuyin din ang mga pangungusap na nagpapakita ng ugnayang sanhi at bunga. Isulat ito sa nakalaang espasyo sa iyong sagutang papel.

______________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________


______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Gamitin mo ang *rubrics* sa pahina 11 para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.



# Susi sa Pagwawasto

## Subukin

A.

1. Ang paksang diwa ng talata ay ang mga Pilipino ay magiliw sa mga panauhin.
2. Maaaring ang pamagat ay "Pilipino, Magiliw sa mga Panauhin".

B.

Gamitin ang rubrics sa pagwawasto sa pahina 3

## Balikan

1. -ng
2. na
3. -g
4. -g
5. na

## Tuklasin

1. larangan ng isports, pag-awit, pagsasayaw at marami pang iba
2. sipag, determinasyon at dedikasyon
3. upang matunghayan ang husay at galing ng mga Pilipino
4. *(ang sagot ay maaaring iba-iba)*
5. *(ang sagot ay maaaring iba-iba)*
6. Maaaring ang pamagat ay "Pilipino, Likas na Magaling".
7. *(ang sagot ay maaaring iba-iba)*

## Suriin

Gamitin ang rubrics sa pagwawasto sa pahina 3

## Pagyamanin

A.

1. A.
2. B.
3. A.
4. C.
5. B.

B.

Gamitin ang rubrics sa pagwawasto sa pahina 11.

## Isagawa

Gamitin ang rubrics sa pagwawasto sa pahina 11

## Tayahin

A. *(maaaring pamagat)*

1. Ang Narra
2. Kapistahan ng Our Lady of Peñafrancia
3. Ang Chapel ng Inorogan
4. Ang Tinagba Festival
5. Rafflesia Irigaense, Pinakamalaking Bulaklak

B. *Gamitin ang rubrics sa pagwawasto sa pahina 11*

## Karagdagang Gawain

Gamitin ang rubrics sa pagwawasto sa pahina 11

## *Sanggunian:*


1. Lalunio, L. P. et al (2000). Hiyas sa Pagbasa 4. Department of Education. Pahina 105

2. MISOSA (2014). *Angkop na Pamagat ng Talata at Paggamit ng Malalaking Titik sa Pamagat*. Department of Education

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph